Paunawa ng mga Gawain sa Pagkapribado

(Magkakabisa sa Setyembre, 2013)

ANG PAUNAWANG ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO AY MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT AT PAANO MO MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO.

MANGYARING REPASUHIN ITONG MABUTI.

Kami ay inaatasan ng batas na panatilihin ang pagkapribado ng protektadong impormasyong pangkalasugan at magkaloob sa iyo ng paunawa ng aming mga tungkulin ayon sa batas at aming mga gawain sa pagkapribado na nauukol sa impormasyong iyon. Kami ay inaatasan na sumunod sa mga tadhana ng Paunawa ng mga Gawain sa Pagkapribado na kasalukuyang may-bisa, pero pinananatili namin ang karapatang baguhin ang mga tadhanang ito anumang oras. Anumang mga pagbabago ay magkakabisa agad at makukuha mo sa aming website (www.ichs.com).

PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG IYONG PROTEKTADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Para sa Paggamot. Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan upang magkaloob sa iyo ng paggamot na medikal. Maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa mga doktor, nars o ibang mga miyembro ng aming pangkat ng pangangalagang pangkalusugan na kalahok sa pangangalaga sa iyo. Halimbawa, maaaring kailanganin ng iyong doktor na sumangguni sa mga espesyalista tungkol sa pangangalaga sa iyo. Ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan ay ibabahagi sa kanila upang makatulong na maintindihan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.

Para sa Pagbabayad. Maari naming gamitin o isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan upang ang paggamot at mga serbisyo na natatanggap mo sa International Community Health Services (“ICHS” o “kami”) ay maaaring singilin sa iyo, sa isang kompanya ng seguro o ikatlong partido. Halimbawa, maaaring kailanganin naming ibigay ang iyong impormasyon sa planong pangkalusugan tungkol sa pag-opera na natanggap mo upang ang iyong planong pangkalusugan ay magbayad sa amin o magbalik ng iyong ibinayad para sa pag-opera. Hindi namin isisiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa mga nagbabayad na ikatlong partido nang wala ang iyong awtorisasyon maliban kung ipinahihintulot ng batas na gawin ito. May karapatan kang humiling na takdaan ang pagsisiwalat ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa isang planong pangkalusugan o ibang partido kapag ang impormasyong iyon ay may kaugnayan lamang sa isang aytem ng pangangalagang pangkalusugan o serbisyo kung saan ikaw o ibang tao sa ngalan mo (iba sa isang planong pangkalusugan) ay nagbayad sa amin, at kami ay inaatasan na sumang-ayon sa naturang kahilingan.

Para sa mga Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan. Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa mga

pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga paggamit at pagsisiwalat na ito ay kailangan upang matiyak na ang lahat ng aming pasyente ay tumatanggap ng mahusay na pangangalaga. Halimbawa, maaari naming gamitin ang impormasyong pangkalusugan upang tayahin ang kalidad ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ipinagkakaloob sa iyo o upang timbangin ang pagganap ng aming mga tauhan.

IBANG IPINAHIHINTULOT NA MGA PAGGAMIT NG IYONG PROTEKTADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN NA HINDI NANGANGAILANGAN NG IYONG NAUNANG AWTORISASYON

Mga Kasama sa Negosyo. May ilang serbisyong ipinagkakaloob sa ICHS sa pamamagitan ng mga kontrata sa mga kasama sa negosyo. Sa mga halimbawa ay kabilang ang laboratoryo, mga panlabas na tagasuri, tagalabas na mga abugado at iba pa. Tuwing ang isang pakikipag-ayos sa pagitan ng isang kasama sa trabaho at ICHS ay may kaugnayan sa paggamit o pagsisiwalat ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan, magkakaroon kami ng isang nakasulat na kasunduan na magpoprotekta sa pagkapribado ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan.

Komunikasyon sa Entidad na Tumutulong sa Kalamidad - Maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa isang entidad na tumutulong sa isang kalamidad upang ang iyong pamilya ay mabigyan ng paunawa tungkol sa iyong kondisyon, kalagayan, at lokasyon.

Mga Tagapagpagunita ng Appointment - Maaari naming tawagan ka bilang tagapagpagunita na ikaw ay may appointment para sa paggamot o mga serbisyo sa pangangalagang pangkalausugan sa ICHS.

Mga Alternatibo sa Paggamot - Maaari naming gamitin ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan upang sabihin sa iyo ang tungkol sa o irekomenda ang posibleng mga mapipili o alternatibong paggamot na maaaring maging interesado ka.

Pananaliksik – Sa ilalim ng mga partikular na kalagayan, ang ICHS ay maaaring gumamit at magsiwalat ng impormasyong pangkalusugan ng populasyon para sa mga layuning kaugnay ng pananaliksik na medikal. Sa karamihan ng mga kalagayan, hihingi kami ng iyong partikular na permiso kung ang mananaliksik ay magkakaroon ng pagkakataong kunin ang iyong pangalan, tirahan, o ibang impormasyon na naglalantad kung sino ka. Bago namin gamitin o isiwalat ang impormasyong pangkalusugan para sa pananaliksik, ang proyekto ay naaprobahan na sa pamamagitan nitong proseso ng pag-aproba sa pananaliksik. Sa karamihan ng mga kalagayan, hihingi kami ng iyong partikular na permiso kung ang mananaliksik ay magkakaroon ng pagkakataong kunin ang iyong pangalan, tirahan, o ibang impormasyon na naglalantad kung sino ka. Maaari namin, gayunman, na isiwalat ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa mga taong naghahandang magsagawa ng isang proyektong pananaliksik sa kondisyong ang impormasyong pangkalusuggan ay hindi lalabas mula sa ICHS.

Gaya ng Iniaatas Ng Batas - Isisiwalat namin ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan kapag iniaatas ng pederal, pang-estado, o lokal na batas na gawin ito.

Upang Hadlangan ang Isang Seryosong Banta sa Kalusugan o Kaligtasan - Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan kapag kailangan upang pigilan ang isang seryosong banta sa iyong kalusugan o sa kalusugan at kaligtasan ng publiko o ibang tao. Anumang pagsisiwalat, gayunman, ay para lamang sa isang taong may kakayahang pigilan ang banta.

Donasyon ng Bahagi at Tisyu ng Katawan - Kung ikaw ay isang tagahandog ng bahagi ng katawan, maaari naming ilabas ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa mga organisasyong humahawak ng pagkuha ng bahagi ng katawan o transplantasyon ng bahagi ng

katawan, mata, o tisyu o sa isang bangko ng donasyon ng bahagi ng katawan, gaya ng kailangan upang padaliin ang donasyon at transplantasyon ng bahagi o tisyu ng katawan.

Militar at mga Beterano - Kung ikaw ay isang miyembro ng sandatahang lakas, maaari naming ilabas ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan gaya ng iniaatas ng mga awtoridad ng militar. Maaari rin naming ilabas ang protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa mga tauhan ng militar ng ibang bansa sa angkop na awtoridad ng militar ng ibang bansa.

Mga Kabayaran ng mga Manggagawa - Maaari naming ilabas ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan para sa kabayaran ng mga manggagawa o mga katulad na programa. Ang mga programang ito ay nagkakaloob ng mga benepisyo para sa mga pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho.

Pampublikong Kalusugan - Gaya ng iniaatas ng batas, maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa mga awtoridad ng pampublikong kalusugan o batas na namamahala sa pagpigil o pagkontrol ng sakit, pinsala, o kapansanan.

Mga Aktibidad sa Pagbabantay na Pangkalusugan - Maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa isang ahensiya ng pagbabantay na pangkalusugan para sa mga aktibidad na may awtorisasyon ng batas. Sa mga aktibidad na ito ng pagbabantay ay kabilang, halimbawa, ang mga pagsusuri, mga imbestigasyon, mga inspeksiyon, at paglilisensiya. Ang mga aktibidad na ito ay kailangan para masubaybayan ng pamahalaan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng pamahalaan, at pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil.

Mga Demanda at Hidwaan - Kung ikaw ay sangkot sa isang demanda o hidwaan, maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan bilang tugon sa isang utos ng hukuman o ukol sa pangangasiwa. Maaari rin naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan bilang tugon sa isang subpoena, kahilingan para sa pagtuklas, o ibang prosesong ayon sa batas ng ibang taong sangkot sa hidwaan.

Pagpapatupad ng Batas - Maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan kung hininging gawin ito ng isang opisyal sa pagpapatupad ng batas:

- Bilang tugon sa isang utos ng hukuman, subpoena, mandamyento, mga tawag, o katulad na proseso;
- Upang makilala o matagpuan ang isang pinaghihinalaan, tumakas, materyal na testigo, o nawawalang tao;
- Tungkol sa biktima ng isang krimen kung, sa ilalim ng partikular na limitadong mga kalagayan, hindi namin makuha ang pagsang-ayon ng tao;
- Tungkol sa isang pagkamatay na pinaniniwalaan namin na maaaring resulta ng kilos na kriminal;
- Tungkol sa kilos na kriminal sa ICHS;
- Sa isang pang-emerhensiyang kalagayan upang iulat ang isang krimen; ang lokasyon ng krimen o mga biktima; o ang pagkakakilanlan, paglalarawan, o lokasyon ng taong gumawa ng krimen.

Mga Coroner, Tagaiksameng Medikal, at mga Direktor ng Libing - Maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa isang coroner o tagaiksameng medikal. Ito ay maaaring kailangan, halimbawa, upang makilala ang isang namatay na tao o malaman ang

dahilan ng pagkamatay. Maaari rin naming ilabas ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa mga pasyente ng ospital sa mga direktor ng libing gaya ng kailangan upang gampanan ang kanilang mga tungkulin.

Mga Aktibibad sa Pambansang Seguridad at Intelihensiya - Maaari naming isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa awtorisadong pederal na mga opisyal para sa intelihensiya, kontra-intelihensiya, at ibang mga aktibidad sa pambansang seguridad na awtorisado ng batas.

MGA PARTIKULAR NA PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT NA NANGANGAILANGAN NG AWTORISASYON

Karamihan ng mga paggamit at pagsisiwalat ng mga tala sa paggamot ng isipan, mga paggamit at pagsisiwalat ng protektadong impormasyong pangkalusugan para sa pagpapalaganap, mga pagsisiwalat na bumubuo ng pagbebenta ng protektadong impormasyong pangkalusugan, at ibang mga paggamit at pagsisiwalat ng protektadong impormasyong pangkalusugan na hindi sakop ng Paunawang ito ay gagawin lamang kung may nakasulat na permiso mo. Kung nagbigay ka sa ICHS ng permiso na gamitin o isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan, maaari mong pawalang-bisa ang permisong ito, sa sulat, anumang oras. Kung pinawalang-bisa mo ang iyong permiso, hindi na namin gagamitin o isisiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga dahilang sakop ng iyong nakasulat na awtorisasyon. Naiintindihan mo na hindi namin magagawang bawiin ang anumang mga pagsisiwalat na nagawa na namin nang may permiso mo, at kami ay inaatasan na magpanatili ng aming mga rekord ng pangangalagang ipinagkakaloob namin sa iyo.

Komunikasyon sa Pamilya at mga Kaibigan - Maaari naming ibahagi ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan sa mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na kalahok sa pangangalaga sa iyo at/o pagbabayad para sa pangangalaga sa iyo kung sasabihin mo sa amin na magagawa namin ito, o kung hindi ka sumasalungat sa pagbahagi ng impormasyong ito. Maaari rin kaming magbahagi ng may-kaugnayang impormasyon sa mga taong ito kung, gamit ang aming propesyonal na pagpapasiya, naniniwala kami na hindi ka sumasalungat.

ANG IYONG MGA KARAPATAN NA NAUUKOL SA IYONG PROTEKTADONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Bagaman ang nagmamay-ari ng iyong rekord na pangkalusugan ay ang ICHS, ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan ay ikaw ang nagmamay-ari. Ikaw ay nagtataglay ng mga sumusunod na karapatan na nauukol sa iyong protektadong impormasyong pangkalusugan:

Karapatan sa Paunawang Ito - Ikaw ay may karapatan sa isang papel na kopya ng Paunawang ito. Maaari kang humingi sa amin ng kopya kahit kailan. Maaari ka ring kumuha ng kopya ng Paunawang ito sa aming website: **www.ichs.com**.

Karapatang Mag-inspeksiyon at Tumanggap ng Kopya - Ikaw ay may karapatang mag-inspeksiyon at tumanggap ng kopya ng partikular na impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan na nauukol sa iyo kabilang ang mga rekord ng pagsingil. Dapat mong isumite ang iyong nakasulat na kahilingan sa:

International Community Health Services
Attn: Health Center Manager
PO Box 3007, Seattle WA 98114-3007

Kung humiling ka ng kopya ng naturang protektadong impormasyong pangkalusugan, maaari kaming humiling ng bayad para sa mga gastos sa pagkopya, pagpapakoreo, o ibang mga gamit na kaugnay ng iyong iyong kahilingan.

Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan na mag-inspeksiyon at tumanggap ng kopya sa partikular na limitadong mga kalagayan. Kung ikaw ay pinagkaitan ng daan sa iyong rekord na pangkalusugan, maaari kang humiling na repasuhin ang pagkakait. Susunod kami sa resulta ng pagrepaso.

Karapatang Humiling ng Pagbabago - Ikaw ay may karapatang humingi na ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan ay baguhin sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na kahilingan sa aming Tagapamahala ng Sentrong Pangkalusugan. May karapatan kaming tanggihan ang kahilingang ito sa ilalim ng mga partikular na kalagayan. Maaari kang sumulat ng pahayag ng hindi pagsang-ayon kung ang kahilingan ay tinanggihan. Ang pahayag ng hindi pagsang-ayon ay isasama sa iyong rekord na pangkalusugan, at isasama sa anumang paglalabas ng iyong mga rekord.

Karapatan sa Pagtutuos ng mga Pagsisiwalat - May karapatan kang tumanggap ng pagtutuos ng mga pagsisiwalat. Ito ay isang rekord ng partikular na mga pagsisiwalat na ginawa namin sa iyong protektadong impormasyong pangkalusugan alinsunod sa batas.

Dapat mong isumite ang iyong nakasulat na kahilingan sa Tagapamahala ng Sentrong Pangkalusugan. Maaari ka naming singilin para sa mga gastos sa pagkakaloob ng rekord. Bibigyan ka namin ng paunawa ng gastos, at maaari kang pumili na iurong o baguhin ang iyong kahilingan sa panahong iyon bago matamo ang mga gastos. Ang Tagapamahala ng Sentrong Pangkalusugan ay maaabot sa sumusunod na direksiyon:

International Community Health Services
Attn: Health Center Manager
PO Box 3007, Seattle WA 98114-3007

Karapatang Humiling ng Pagtatakda - May karapatan kang humiling sa amin na takdaan ang mga partikular na paggamit at pagsisiwalat ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan. Halimbawa, maaari kang humiling na limitahan namin ang protektadong impormasyong pangkalusugan na isinisiwalat namin sa isang tao na kalahok sa pangangalaga sa iyo o sa pagbabayad para sa pangangalaga sa iyo. Maaari mong hilingin na huwag naming gamitin o isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan tungkol sa isang pag-opera sa iyo sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan. Dapat mong isumite ang iyong nakasulat na kahilingan sa Tagapamahala ng Sentrong Pangkalusugan. Sa iyong kahilingan, dapat mong sabihin sa amin (1) ang impormasyon na gusto mong limitahan; (2) kung gusto mong limitahan ang aming paggamit, pagsisiwalat o pareho; at (3) kanino mo gustong gamitin ang mga limitasyon, halimbawa, mga pagsisiwalat sa iyong asawa; gayunman, hindi kami inaatasan na sumang-ayon sa isang hiniling na pagtatakda.

Karapatang Humiling ng mga Kompidensiyal na Komunikasyon - May karapatan kang humiling na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa mga bagay na pangkalusugan sa isang partikular na paraan o lokasyon. Halimbawa, mahihingi mo na kontakin ka sa trabaho o sa pamamagitan ng koreo lamang.

Upang humiling na kompidensiyal na mga komunikasyon, dapat mong isumite ang iyong nakasulat na kahilingan sa Tagapamahala ng Sentrong Pangkalusugan. Hindi namin itatanong ang dahilan ng iyong kahilingan. Dapat tukuyin sa iyong kahilingan kung paano o saan mo gustong makontak. Bibigyang-daan namin ang lahat ng makatwirang kahilingan.

Karapatang Bigyan ng Paunawa ng Paglabag – May karapatan kang bigyan ng paunawa kasunod ng isang paglabag sa protektadong impormasyong pangkalusugan.

Mga Reklamo

Kung naniniwala ka na ang iyong mga karapatan sa pagkapribado ay nalabag, maaari kang makipag-ugnayan sa Opisyal sa Pagsunod ng ICHS (ICHS Compliance Officer) sa 206.788.3658 o isumite ang iyong reklamo sa ICHS Compliance Officer sa PO Box 3007; Seattle, WA 98114-3007.

Maaari ka ring magsampa ng reklamo sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. (U.S. Department of Health and Human Services).

Ang kalidad ng pangangalaga sa iyo ay hindi ilalagay sa panganib o ikaw ay isasailalim sa anumang pagganti para sa pagsasampa ng reklamo.

Kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa paunawang ito mangyaring tawagan ang Opisyal sa Pagsunod ng ICHS sa 206.788.3658.